Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BAHAY PULUNGAN NG BARANGAY OOGONG NOONG IKA- 6 NG SETYEMBRE, 2000, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:35 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. HEIDI S. CIRIACO | ................................ | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | ................................ | Kagawad |
| Kgg. Florencio C. Odejar | ................................ | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | ................................ | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | ................................ | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | ................................ | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | ................................ | Kagawad |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan | ........................ | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ................................ | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | ................................ | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Ariel T. Magcalas | ................................ | Kagawad<br>Nasa lakad opisyal |

*KAPASIYAHAN BLG. 299-T'2000*

*KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG PAGLALAAN NG HALAGANG SIYAMNARAAN DALAWAMPU'T PITONG LIBONG PISO (P927,000.00) BILANG KARAGDAGANG BADYET SA TAONG ITO UPANG IPAMBILI NG GAMOT PARA SA MGA MAMAMAYAN NG BAYANG ITO.*

*SAPAGKA'T*, iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang kahilingan ng Kgg. Punong Bayan Domingo G. Panganiban na makapagpatibay ng halagang P927,000.00 bilang karagdagang badyet sa taong ito ng pamahalaang bayan upang ipambili ng mga gamot para sa kapakanan ng mga mamamayan sa bayang ito;

SAPAGKA'T, ang naturang halaga ay manggagaling sa 1st Tranche ng Local Government Equalization Fund para sa bayang ito;

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO*, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Jaime Alexander T. Calupitan, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Angelito U. Limjuco, Bernardo E. Ison at Louie C. de Leon at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN:* Na pagtibayin ang mga sumusunod na :

*KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 25-T'2000*

*IPINAG-UUTOS* ng Kgg. Sangguniang Bayan ng Santa Cruz, Laguna na:

*SEKSYON 1* – Magliwat at maglaan ng halagang P927,000.00 mula sa 1st Tranche ng Local Government Equalization Fund upang magamit sa pagbili ng gamot para sa mga mamamayan ng bayang ito sa ikaaayos ng badyet sa taong ito.

*SEKSYON 2* – Ang kautusang ito ay magkakabisa matapos na mapagtibay.

*PINAGPASIYAHAN PA:* Na pagkalooban ng kapangyarihan ang Pambayang Pinuno sa Badyet at Pambayang Ingat-Yaman na makapagsagawa ng pamamaraan sa paglalaan ng pondo batay sa mga patakaran at panuntunan sa pagbabadyet at pag-aawdit ayon sa nilalayon ng kautusang ito.

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Sangguniang Panlalawigan, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman at Pambayang Tagatuos, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY:*

(karugtong ng Kapasiyahan Blg. 299-T'2000)



PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

EUGENIO A. JAVIER, JR.
Kagawad

EDGARDO T. PORCA
Kagawad

FLORENCIO C. ODEJAR
Kagawad

JAIME ALEXANDER T. CALUPITAN
Kagawad

RICARDO B. RAMIREZ
Kagawad

ANGELITO U. LIMJUCO
Kagawad

BERNARDO E. ISON
Kagawad

JEFFREY A. VILLASEÑOR
Kagawad

LOUIE C. DE LEON
Kagawad

NAGPATUTOO:

HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan

8/3/14/9